

PANG-MPORMASYONG PAHAYAG UKOL SA BAKUNA

Bakuna sa MMR (Measles, Mumps, & Rubella)**Ano ang Kailangan Mong Malaman**

Many Vaccine Information Statements are available in Spanish and other languages. See www.immunize.org/vis.

H Maraming Pang-impormasyong Pahayag sa Bakuna ang makukuha sa salitang Espanyol at iba pang mga wika. Tingnan ang www.immunize.org/vis.

1 **Bakit magpapabakuna?**

Ang measles (tigdas), mumps (biki) at rubella ay malalubhang mga sakit. Nang wala pang mga bakuna, ang mga ito ay napaka-karaniwan, lalo na sa mga bata.

Measles (Tigdas)

- Ang virus ng measles ay nagdudulot ng pamamantal, ubo, sipon, iritasyon sa mata, at lagnat.
- Maaari itong maging sanhi ng impeksyon, pulmonya, ataki (pangingisay at pamumulagat), pinsala sa utak, at kamatayan.

Mumps (Biki)

- Ang mga virus ng mumps ay nagdudulot ng lagnat, sakit ng ulo, pananakit ng kalamnan, pagkawala ng gana sa pagkain, at namamagang mga glandula.
- Maaari itong maging sanhi ng pagkabingi, meningitis (impeksyon sa utak at panakip ng spinal cord), masakit na pamamaga ng mga itlog ng bayag o mga obaryo, at bihira ang pagkabaug.

Rubella (German Measles)

- Ang virus ng rubella ay nagdudulot ng pamamantal, arthritis (kadalasan sa mga babae), at banayad na lagnat.
- Kung magkakaroon ang isang babae ng rubella habang siya ay buntis, maaaring malaglag ang kanyang dinadala o maaaring maisilang na may malubhang depekto ang kanyang sanggol.

Ang mga sakit na ito ay kumakalat sa tao sa pamamagitan ng hangin. Maaaring madali mong makuha ang mga ito sa pamamagitan ng pagiging malapit sa isang tao na may impeksyon na.

Ang bakuna sa measles, mumps, at rubella (MMR) ay maaaring poprotekta sa mga bata (at nasa hustong gulang) mula sa lahat ng tatlong sakit na ito.

Salamat sa matagumpay na mga programa ng pagbabakuna, ang mga sakit na ito ay masyadong nang hindi karaniwan sa Estados Unidos kaysa dati. Ngunit kung hihinto tayo sa pagbabakuna, babalik ang mga ito.

2 **Sino ang dapat tumanggap ng bakuna sa MMR at kailan?**

Ang **mga bata** ay dapat tumanggap ng 2 dosis ng bakuna sa MMR.

– **Unang Dosis:** 12-15 buwan ang edad

– **Pangalawang Dosis:** 4-6 taong gulang (maaaring ibigay nang mas maaga, kung hindi bababa sa 28 araw pagkatapos ng unang dosis)

Ang ilang mga sanggol na wala pang 12 buwan ay dapat tumanggap ng dosis ng MMR kung sila ay mgbibiyaha sa labas ng bansa. (Ang dosis na ito ay hindi kabilang sa kanilang regular na serye.)

Ang **ilang mga nasa hustong gulang** ay dapat tumanggap din ng bakuna sa MMR: Sa pangkalahatan, sinuman na 18 taong gulang o higit pa na ipinanganak pagkatapos ng 1956 ay dapat tumanggap ng kahit isang dosis ng bakuna sa MMR, maliban kung maipakita nila na sila ay nabakunahan na o nakaranas na nitong lahat ng tatlong sakit.

Ang bakuna sa MMR ay maaaring ibigay kasabay ng iba pang mga bakuna.

Ang mga bata sa pagitan ng 1 at 12 taong gulang ay maaaring tumanggap ng bakuna na “kumbinasyon” na tinatawag na MMRV, na naglalaman ng kapwa bakuna sa MMR at varicella (bulutong-tubig). May hiwalay na Pang-impormasyong Pahayag ukol sa Bakuna para sa MMRV.

3 **Ang ilang tao ay dapat hindi tumanggap ng bakuna sa MMR o dapat maghintay.**

- Ang sinuman na may nakapagbabanta ng buhay na reaksiyon sa alerdyi sa antibiotic na neomycin, o anumang sangkap ng bakuna sa MMR, ay hindi dapat tumanggap sa bakuna. Sabihin sa inyong doktor kung ikaw ay may anumang malubhang alerdyi.
- Ang sinuman na may nakapagbabanta ng buhay na reaksiyon sa alerdyi sa isang dating dosis ng bakuna sa MMR o MMRV ay dapat hindi tumanggap ng karagdagang dosis.
- Ang ilang tao na may sakit sa panahon na itinakda ang bakuna ay maaaring papayuhan na maghintay hanggang gumaling sila bago tumanggap ng bakuna sa MMR.
- Ang mga babaeng buntis ay hindi dapat tumanggap ng bakuna sa MMR. Ang mga babaeng buntis na nangangailangan sa bakuna ay dapat maghintay hanggang makapanganak. Ang mga babae ay dapat umiwas na mabuntis sa loob ng 4 na linggo pagkatapos ng pagbabakuna ng bakuna sa MMR.



- Sabihin sa inyong doktor kung ang taong tatanggap ng bakuna ay:
 - May HIV/AIDS, o iba pang sakit na nakakaapekto sa immune system
 - Ginagamot sa mga gamot na nakakaapekto sa immune system, tulad ng steroids
 - May anumang uri ng kanser
 - Ginagamot para sa kanser gamit ang radiation o mga gamot
 - Kailanman ay may mababang bilang ng platelet (sakit sa dugo)
 - Tumanggap ng iba pang bakuna sa loob ng nakaraang 4 na linggo
 - Kamakailan ay nasalanan ng dugo o tumanggap ng iba pang produkto ng dugo
- Alinman sa mga ito ay maaaring dahilan na hindi makatanggap ng bakuna, o ipagpaliban ang pagbabakuna hanggang sa bandang huli.

4

Ano-ano ang mga panganib mula sa bakuna sa MMR?

Ang isang bakuna, ktulad ng anumang gamot, ay may kakayahang magdulot ng malubhang problema, tulad ng malubhang reaksiyon sa alerdyi.

Ang panganib ng bakuna sa MMR na magdulot ng malubhang pinsala, o kamatayan, ay napakaliit.

Ang pagtanggap ng bakuna sa MMR ay lubhang higit na mas ligtas kaysa pagkakaroon ng tigdás, biki o rubella.

Karamihan sa mga tao na tumatanggap ng bakuna sa MMR ay hindi nagkakaroon ng malubhang problema rito.

Mga Maliliit na Problema

- Lagnat (hanggang 1 tao sa 6)
- Banayad na pamamantal (mga 1 tao sa 20)
- Pamamaga ng mga glandula sa pisngi o leeg (mga 1 tao sa 75)

Kung maganap ang mga problemang ito, karaniwang ito ay sa loob ng 6-14 araw pagkatapos ng bakuna. Hindi ito masyadong nagaganap pagkatapos ng pangalawang dosis.

Mga Katamtamang Problema

- Ataki (pangingisay o pamumulagat) na sanhi ng lagnat (mga 1 sa 3,000 dosis)
- Pansamantalang pananakit at paninigas ng mga kasu-kasuan, kadalasan sa mga babae na tin-edger at nasa hustong gulang (hanggang 1 sa 4)
- Pansamantalang mababang bilang ng platelet, na makapagdudulot ng sakit ng pagdurugo (mga 1 sa 30,000 dosis)

Mga Malubhang Problema (Napaka-bihira)

- Malubhang reaksiyon sa alerdyi (mababa sa isa sa isang milyong dosis)
 - Ang ilan pang malubhang mga problema ay naiulat pagkatapos ang isang bata tumanggap ng bakuna sa MMR, kabilang ang:
 - Pagkabingi
 - Pangmatagalang ataki, coma, o bumabang kamalayan
 - Permanenteng pinsala sa utak
- DCH-0454T

AUTH: P.H.S., Act 42, Sect. 2126.

Upang pahintulutan ang (mga) tagapagkaloob ng pangangalagang medikal ng tumpak na impormasyon tungkol sa kalagayan ng panlaban sa sakit o pagbabakuna, pagtaya sa panlaban sa sakit, at isang inirerekomandang palatuntunan ng pagbibigay sa hinaharap ng panlaban sa sakit, ang impormasyon ay ipapadala sa Michigan Care Improvement Registry (Talaan ng Pagpapahusay ng Pangangalaga ng Michigan). Ang mga tao ay may karapatang humiling na huwag magpadala ng impormasyon sa Talaan ang kanilang tagapagkaloob ng pangangalagang medikal.

Ang mga ito ay napaka-bihira na mahirap sabihin kung ang mga ito ay dulot ng bakuna.

5

Ano kaya kung may malubhang reaksiyon?

Ano ang aking titingnan?

- Ang anumang di-karaniwang kondisyon, tulad ng mataas na lagnat o di-karaniwang kilos. Maaaring kabilang sa malubhang reaksiyon sa alerdyi ang kahirapan sa paghinga, pagkamalat o paghihingasing, hives, pamumutla, panghihina, mabilis na pintig ng puso o pagkahilo.

Ano ang aking gagawin?

- **Tumawag** sa isang doktor, o dalhin kaagad ang tao o pasyente sa isang doktor.
- **Sabihin** sa inyong doktor kung ano ang nangyari, ang petsa at oras nang mangyari ito, at kailan ibinigay ang bakuna.
- **Hilingin** sa inyong doktor na ulat ang reaksiyon sa pamamagitan ng pagpa-file ng form ng Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS). O maaari mong i-file ang ulat na ito sa pamamagitan ng web site ng VAERS sa www.vaers.hhs.gov, o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-822-7967.

Ang VAERS ay hindi nagbibigay ng pangmedikal na payo.

6

Pambansang Programa sa Kompensasyon ng Pinsala sa Bakuna

Ang National Vaccine Injury Compensation Program (VICP) ay nilikha noong 1986.

Ang mga taong naniniwala na sila ay maaaring napinsala sa bakuna ay maaaring malaman ang higit pa tungkol sa programa at tungkol sa pagpa-file ng paghahabol sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-338-2382 o pagbisita sa website ng VICP sa www.hrsa.gov/vaccinecompensation.

7

Paano ko malaman ang higit pa?

- Tanungin ang inyong doktor.
- Tawagan ang inyong panlokal o pang-estadong kagawaran sa kalusugan. 1-888-767-4687
- Kontakin ang Centers for Disease Control and Prevention (CDC):
 - Tumawag sa 1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO) o
 - Bumisita sa website ng CDC sa www.cdc.gov/vaccines

Vaccine Information Statement (Interim)

MMR Vaccine

Tagalog

4/20/2012

42 U.S.C. § 300aa-26

Translation provided by the California Department of Public Health

